


Mga Bakuna sa COVID-19: Ano ang Kailangang Malaman ng mga Mas Matandang New Yorker

Ang mga tao edad 60 at mas matanda ay karapat-dapat na tumanggap ng mga bakuna sa COVID-19. May tatlong bakuna na available: Pfizer-BioNTech, Moderna, at Johnson & Johnson/Janssen.



Bakit mahalaga sa mga mas matandang adulto na magpabakuna laban sa COVID-19?

Habang ang sinuman ay maaaring magkasakit sa COVID-19, ang peligro ng malubhang sakit ay tumataas ayon sa edad. Maaaring tumuloy ang malubhang sakit sa COVID-19 sa pagkakaospital, intensibong pangangalaga, paggamit ng isang ventilator o kamatayan. Pinatataas din ng peligro ng malubhang COVID-19 ang mga tiyak na pangunahing medikal na kondisyon, tulad ng kanser, malalang sakit sa bato, diabetes at sakit sa puso.

Ligtas at gumagana ba ang mga bakuna sa COVID-19?

Oo. Ginamit ng mga siyentipiko ang mga deka-dekadang pananaliksik ng ibang bakuna sa pagbuo ng mga bakuna sa COVID-19. Dumaan ang mga bakuna sa mga malakihang klinikal na pag-aaral na kinasangkutan ng libu-libong katao na may iba't ibang edad, lahi at etnisidad. Hindi ka mahahawa ng COVID-19 mula sa mga bakuna.

Sa mga klinikal na pag-aara, lahat ng tatlong bakuna ay nakitang napakaligtas at epektibo sa pagprotekta sa mga tao sa malubhang sakit, pagkakaospital at kamatayan sa COVID-19.

**NYC VACCINE FOR ALL:
SAFE, FREE, EASY**

NYC
Health

May mga masamang epekto ba ang mga bakuna sa COVID-19?

Nag-ulat ang karamihan sa mga tao ng mahinahon hanggang katamtamang masamang epekto, kasama ang pamamaga sa braso, sakit sa ulo, mga pananakit ng katawan, pagkapagod at lagnat. Kadalasang nawawala ang mga masamang epekto sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw at hindi gaanong karaniwan sa mga mas matandang adulto. Tumawag sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung may mga masamang epekto ka na ikinababahala mo o hindi nawawala pagkatapos ng ilang araw, o kung lumalala ang pamumula o pamamaga kung saan ka binakunahan pagkatapos ng 24 na oras.

Kailangan ko ba ang bakuna sa COVID-19 kung nabakunahan ako sa trangkaso?

Oo. Ang bakuna sa trangkaso ay hindi nagpoprotekta sa iyo mula sa COVID-19. Yamang ang mga mas matandang adulto ay nasa tuminding peligro ng mga komplikasyon sa trangkaso at COVID-19, dapat mabakunahan sila sa dalawang bakuna. Dapat kang mabakunahan sa COVID-19 at trangkaso nang hindi bababa sa 14 araw ang agwat.

Ligtas ba na umalis sa bahay upang magpabakuna?

Ang mga lugar sa pagpapabakuna ay gumagawa ng mga ekstrang pag-iingat upang protektahan ang mga pasyente at kawani, tulad ng paghiling sa mga appointment na bawasan ang bilang ng mga tao sa lugar. Lahat sa lugar sa pagpapabakuna ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng pagkakataon.

Paano ako makakapunta sa aking appointment sa pagpapabakuna?

Libreng transportasyon papunta at galing sa mga lugar ng pagpapabakuna ay available sa mga taong 65 at mas matanda na kailangan ng transportasyon. Impormasyon kung paano isaayos ang transportasyon ay ibibigay kapag nagpa-appointment ka. Kung sasakay ka sa pampublikong transportasyon, hanapin ang pinakadirekta at hindi gaanong marami ang tao na paraan sa pagbiyahe. Anuman ang paraan ng pagbiyahe mo, panatilihin ang

6 feet sa iba, magsuot ng pantakip sa mukha, gumamit ng hand sanitizer nang madalas at iwasang hawakan ang mukha mo.

Magkano ang magpabakuna?

Ibinibigay ang pagpapabakuna na walang gagastusin. Kung may insurance ka, maaaring singilin ito, pero hindi ka sisingilin sa copayment o iba pang bayarin.

Saan ako maaaring mabakunahan?

Kung nakatira ka sa isang nursing home o iba pang pasilidad ng paninirahang panggrupo, maaari kang magpabakuna doon. Kung hindi, maaari kang magpa-appointment sa pagpapabakuna sa pamamagitan ng:

- Pagbisita sa [nyc.gov/vaccinefinder](https://www.nyc.gov/vaccinefinder) upang humanap ng lugar ng pagpapabakuna
- Pagtawag sa 877-829-4692 upang magpa-appointment sa lugar na pinatatakbo ng NYC
- Pagkontak sa iyong tagapagkaloob o parmasya upang makita kung nag-aalok sila ng pagpapabakuna

Kailangan ko bang magbigay ng patunay ng pagiging karapat-dapat upang mabakunahan?

Oo. Dapat mong punan ang Form sa Bakuna sa COVID-19 ng Estado ng New York (NYS) sa vaccineform.health.ny.gov bago mabakunahan. Kailangan mo ring magdala ng patunay ng edad (tulad ng pasaporte o sertipiko ng kapanganakan) at patunay ng paninirahan sa New York (tulad ng utility bill, ibang koreo, o pahayag ng renta o sangla). Isang lisensiya sa pagmamaneho ng NYS o IDNYC ay maaaring gamitin sa dalawa. Para sa buong listahan ng katanggap-tanggap na patunay, bisitahin ang [nyc.gov/covidvaccine](https://www.nyc.gov/covidvaccine).

Maaari ba ring magpabakuna sa COVID-19 ang aking manggagawa o katulong sa pangangalaga sa tahanan?

Oo. Binigyan ng priyoridad ang mga manggagawa at katulong sa pangangalaga sa tahanan at mga katulong sa personal na pangangalaga na mabakunahan. Kailangan nilang magpa-appointment at magdala ng patunay na nakatira sila o nagtatrabaho sila sa New York.

Maaari ko bang itigil ang pisikal na pagdidistansiya at pagsusuot ng pantakip sa mukha pagkatapos mabakunahan?

Hindi. Habang nalalaman natin na ang mga bakuna ay napapektibo sa pagprotekta sa mga tao sa malubhang sakit sa COVID-19, kailangan pa rin nating malaman pa kung paano pinoprotektahan ng mga bakuna ang mga tao na nakapaligid sa iyo na hindi pa nabakunahan. Ang lahat ay dapat magpatuloy sa mga pangunahing hakbangin sa pag-iwas: manatili sa bahay kung may sakit, manatiling 6 feet ang layo sa iba, magsuot ng pantakip sa mukha at panatilihing malinis ang mga kamay mo.

Upang malaman pa ang tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, kausapin ang iyong tagapagkaloob, tumawag sa **311** o bumisita sa **nyc.gov/covidvaccine**.

Para sa listahan ng mga libreng serbisyo at suporta para sa mga mas matandang New Yorker sa panahon ng pampublikong emergency sa kalusugan sa COVID-19, bumisita sa **nyc.gov/aging/covid19**.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon. **3.10.2021**

 Español | Русский | 繁體中文 | 简体中文 | Kreyòl ayisyen
한국어 | বাংলা | Italiano | Polski | العربية | Français | اردو | עברית

 nyc.gov/aging/covid19

